

Targeted Drug Therapy para sa Kanser

Targeted Drug Therapy for Cancer – Tagalog

Ang targeted drugs ay mga uri ng paggamot na gumagamit ng gamot upang hanapin at atakihin ang ilang bahagi ng mga selula ng kanser. Ginagamit ang mga gamot na ito para gamutin ang ilang uri ng kanser, ngunit hindi lahat ng may kanser ay makakakuha ng targeted therapy.

Gumagana ang targeted drugs sa ibang paraan kumpara sa mga karaniwang chemotherapy (chemo) drugs. Kadalasan ay mayroon din itong iba't ibang uri ng side effect.



Paano gumagana ang targeted drugs?

Gumagana ang targeted drug sa pamamagitan ng paghahanap at pag-target sa mga partikular na bahagi ng mga selula ng kanser.

Ang iba't ibang targeted drugs ay maaaring:

- Pigilang lumaki ang mga selula ng kanser.
- Baguhin ang mga protina sa mga selula ng kanser upang mamatay ang mga selula
- Magdulot na patayin ng immune system ang mga selula ng kanser
- Maghatid ng mga kemikal o radiation sa mga selula ng kanser upang mapatay ang mga ito.

Ang targeted drug therapy ay maaaring maging natatanging paggamot na kailangan para sa ilang kanser. O, paminsan-minsan, maaari itong ibigay kasama ang iba pang paggamot gaya ng chemotherapy, operasyon, o radiation therapy.



Paano ito ibinibigay at gaano katagal ang paggamot?

Ang ilang uri ng targeted drugs ay ang ibinibigay sa mga outpatient na klinika bilang infusion sa pamamagitan ng IV line na itinuturok sa ugat. Ang iba ay ipinaiinom bilang tableta, capsule o likido at maaaring inumin sa bahay.

Dahil naiiba ang paggamot sa bawat indibidwal, maaari ring mag-iba ang itatagal nito.



Mga side effect

Ang mga side effect ay depende sa gamot na ibinibigay. Dahil ang mga gamot na ito ay maaaring maapektuhan ang iba't ibang target, hindi lahat ng nakakakuha ng targeted na gamot ay makakaranas ng parehong side effect. Kabilang sa mga karaniwang side effect ang:

- Mga pagbabago sa balat gaya ng pangangati, pamamantal, nanunuyong balat, pagiging sensitibo sa ilaw, at mga pagbabago sa kulay ng balat.
- Mga pagbabago sa paglago o kulay ng buhok
- Mataas na presyon ng dugo
- Mga problema sa pagdurugo
- Pamumuo ng dugo
- Mga pagbabago sa pagtibok ng puso
- Pamamaga ng mukha, mga paa, binti, o kamay

Kausapin ang iyong doktor tungkol sa mga partikular na side effect na maaaring maranasan mo mula sa iyong paggamot.



Mga itatanong

Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong doktor at health care team:

- Anong uri ng targeted drug ang makukuha ko?
- Gaano kadalas kong makukuha ang paggamot?
- Kailangan ko bang pumunta sa ibang lugar upang makuha ang aking paggamot?
- Gaano katagal ito ang aking paggamot?
- Babayaran ba ng insurance ang aking paggamot? Magkano ang kakailanganin kong bayaran?
- Anu-anong mga side effect ang maaari kong maranasan?
- Paano mapapangasiwaan ang aking mga side effect at ano ang maaari kong gawin tungkol sa mga ito?
- Mayroon bang mga espesyal na bagay na kailangan kong gawin upang maprotektahan ko ang aking sarili at ang iba habang nagpapagamot?
- Kailan ko dapat tawagan ang doktor o nurse?

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **[cancer.org/targetedtherapy](https://www.cancer.org/targetedtherapy)**.
Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.



[cancer.org](https://www.cancer.org) | 1.800.227.2345

TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
No. 080809

